Light Reading, Seattle City Light pahayagan ng kustomer
Nobyembre/Disyembre 2011

Mula sa superintendente
Ang Seattle City Light ay isang *non-profit* na palingkurang bayang pag-aari ng publiko, na nangangahulugang mga kustomer ang siyang may-ari nito. Kung kaya mahalaga ang inyong mga opinyon tungkol sa palingkurang-bayan. Kasalukuyan naming ginagawa ang isang anim-na-taong *Strategic Plan* na siyang gagabay sa mga operasyon at pananalapi ng City Light hanggang 2018. Makatutulong ang mga komentaryo ng kustomer sa palingkurang-bayan at sa mga gumagawa ng polisiya upang gumawa ng mga desisyon sa mga aksyong makaapekto sa inyo, kabilang ang pagiging maaasahan ng iyong serbisyo, kahusayan ng enerhiya, at mga antas ng bayarin.

Mangyaring ipahayag ang inyong mga komentaryo sa mga pampublikong pulong para sa *Strategic Plan* ngayong Disyembre at Enero. Tingnan sa aming website ang mga lokasyon at oras: www.seattle.gov/light/strategic-plan.

At isang paalala: Panahon ngayon ng bagyo kung saan magiging mas madalas ang pagkawala ng kuryente. Mangyaring basahin sa pahayagang ito ang tungkol sa pagiging ligtas at iba pang mga tip.

- Superintendente Jorge Carrasco

Conservation news

Bagong pamantayan ng ilaw

Noong 2007, ang pamahalaang pederal ay nagtakda ng bagong pamantayan sa kahusayan ng mga bombilya, kabilang ang mga incandescent bulb, compact fluorescent light bulb (CFLs), at light-emitting diode (LED) bulb. Ang mga bombilyang Incandescent na ginagamit ngayon ay hindi na ipagpapatuloy ititigil na ang 40-wat, 60-wat, 75-wat, at 100-wat medium incandescent light bulb, na sisimulan sa 100-wat bulb sa Enero 1, 2012 hanggang sa mga 60 - at 40 -wat bulb sa 2014. Dagdagan ang kaalaman tungkol sa kung paano piliin ang naaangkop na ilaw para sa inyo sa www.seattle.gov /twistandsave.

Suportahan ang solar
Ang Seattle Community Solar ay isang natatanging proyekto saJefferson Park kung saan ang malinis, nababagong enerhiya ay mabubuo sa pamamagitan ng solar panel sa tatlong piknik shelter. Sa halagang $ 600, makabibili ang aming mga kustomer ng bahagi ng solar na enerhiya na nabuo sa parke at makatanggap ng bahagyang credit sa kanilang mga bayarin sa elektrisidad para sa paglahok nitong siyam-na-taong proyekto. Ang mga detalye sa www.seattle.gov / communitysolar.

Diskuwento para sa opisina at tahanan
Para sa loob ng limitadong panahon, nag-aalok kami ng mga karagdagang insentibo para sa lahat ng mga bagong pangkomersyal na proyektong tipid sa enerhiya . Ang mga pang-maliit na negosyong insentibo ay kasalukuyang sumasaklaw hanggang 80 porsiyento ng pangkaraniwang nakakabit na gastos sa karamihan ng pang-ilaw na retrofit fixtures. Sa bahay, ang mga lumang baseboard o pampader na heater ay maaaring gumagamit ng mas mataas na enerhiya kaysa sa kinakailangan. Ang mga kwalipikadong kustomer ay maaaring mag-upgrade tungo sa isang sistemang ng pampainit at pampapalamig na di-gumagamit ng tubo na kumukunsumo ng mas

mababang elektrisidad. Upang maging karapat-dapat para sa diskuwento, dapat magkaroon ang inyong bahay ng de-kuryenteng baseboard, pampader, o pangkisameng heater bilang pangunahing pinagkukunan ng init.

Kumuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga diskuwentong ito at iba pa: Tawagan ang aming mga Tagapagpayo sa Enerhiya sa 206.684.3800 o mag-mail SCLEnergyAdvisor@Seattle.gov.

Mga balita at kaganapan

Mga tip para sa pagkawala sa kuryente at pangkaligtasan
Ang Seattle City Light ay nagkakaloob ng ligtas at maaasahang serbisyo sa aming mga kustomer, ngunit kapag nawawala ang kuryente, nagtatrabaho ang aming mga tauhan upang ibalik ang koryente. Naririto ang ilang mga ideya kung ano ang gawin kapag ang nawala ang kuryente at iilang mga tip pangkaligtasan:
- Magbuo ng mga pang-emerhensiyang kit para sa inyong bahay,opisina at trabaho. Para sa mga ideya kung ano ang mga dapat isama sa mga ito, bisitahin ang www.takewinterbystorm.org.
- Ang City Light ay may *online* na mapa na nagpapakita sa inyo kung saan walang kuryente, tantya kung kailan ito maibabalik, kelan magagamit at kung bakit nawalan ng kuryente. Ang mapa ay makikita sa aming website sa www.seattle.gov/light. Gayundin, alamin ang mga pinakahuling ulat sa pagkawala ng kuryente sa pamamagitan ng pagsunod sa amin sa Twitter:www.twitter.com /SeaCityLight. Maaari rin kayong humiling ng isang callback kung kalian maibabalik ang kuryente sa pamamagitan ng pagtawag sa 206.684.3000.

Kapag mawalan ng kuryente
- Isiping lahat ng mga linya ng kuryente ay mapanganib, kabilang ang mga nasa lupa, at huwag kailanman humawak o lumapit sa isang kableng bumagsak o anumang bagay na nakadikit dito. Layuan ang mga de-koryenteng mga pasilidad tulad ng mga poste, *transformer* at *substation*.
- Ang mga teleponong cordless ay hindi gumagana kapag walang koryente kaya magkaroon ng isang de-kordon o cell phone na magagamit.
- Kung kayo'y walang kuryente, unahing tingnan ang inyong pangunahing switch upang suriin kung may pumutok na *fuse* o *open breaker*.
- Tawagan ang Power Outage Hotline sa 206.684.7400 upang mapakinggan ang *recording* tungkol sa pagkawala ng kuryente. Kung ang inyong lugar ay hindi nababanggit, ibigay ang inyong pangalan, tirahan, numero ng telepono at ilarawan kung ano ang inyong nakita o narinig na maaaring makatutulong sa pag-alam ng problema.
- Mga flashlight lamang ang gamitin para sa pag-iilaw, huwag kailanman ang mga kandila na maaaring magsanhi ng sunog.
- Protektahan ang inyong pamilya laban sa pagkalason sa karbon monokside: Huwag magluto o mag-init sa loob ng bahay gamit ang pang-ihaw na de-uling o gaas. Huwag gumamit ng mga pang-barbecue o kaya'y generator sa loob ng bahay, pati sa loob ng garahe.
- Para sa karagdagan impormasyon kung paano manatiling ligtas habang walang kuryente, mangyaring bisitahin ang www.seattle.gov/light/safety.

Pagsuri sa boltahe
Nitong taglagas, sinuri namin ang lahat ng mga ilaw-kalyeng gawa sa metal at mga kagamitan para sa ilaw-kalyeng gawa sa metal para sa potensyal na boltahe, at iyan ay gagawin namin taun-taon. Ang isang ulat ay ipapaskel sa aming *website* kapag natapos ang pagsusuri: www.seattle.gov/light.

Ang inyong Seattle City Light
Inaanyayahan namin kayong sumali sa aming mga pamboluntaryong koponan kung kami ay lumahok sa isang kaganapan pangkomunidad. Sinusuportahan namin ang mga proyektong pangangasiwa sa kapaligiran, kahusayan sa enerhiya, at edukasyon upang lumikha ng mas maayos na komunidad. Humanap ng mga boluntaryong proyekto, at kung paano kayo maaaring lumahok, sa *Light Reading,* ang aming *blog* na Power Lines, at sa aming pamboluntaryong *Web page:* www.seattle.gov/light/comm_inv.

Pigilan ang pagnanakaw ng tanso
Sinubukan ng mga magnananakaw na magnakaw ng tanso mula sa aming mga kagamitan, isang panganib para sa lahat, kabilang ng mga nakatayo sa paligid. Upang matugunan ang bantang ito, nag-umpisa ang City Light ng isang *network* para sa pagbabahagi ng impormasyon kasama ang mga lokal na palingkurang-bayan at mga ahensyang batas upang magsiyasat at umusig. Kung makakakita kayo ng kahina-hinalang gawain sa paligid ng mga kagamitang pangkuryente, huwag manghimasok bagama't tumawag ng pulis sa 911, at iulat ang pangyayari sa koponang pangseguridad ng City Light sa 206.386.9111.

Sa inyong purok: Nagtatrabaho @ City Light
Ang mga trabahante ay nasa mga purok na ito upang maghatid sa inyo ng ng maaasahang enerhiya:
• Pioneer Square: Inihahanda ang paglipat ng mga linya ng kuryente mula sa Alaskan Way Viaduct sa hanay patungong timog ng First Ave. S. at S. Washington St. sa pagitan ng 3rd at 2nd Ave.;
• Central waterfront: Naglilipat ng dalawang linyang pangtransmisyon mula Alaskan Way Viaduct;
• Blue Ridge/North Beach: Pagsusubok, pag-iiniksyon sa mga nakabaong linya ng kuryente ng *silicone* upang pahabain ang buhay ng linya;
• Taylor at Thomas, sa silangan ng Seattle Center: Naglilipat ng mga pangunahing linya ng kuryente para sa pagpapalit ng *bore-tunnel* ng SR 99 Alaskan Way Viaduct;
• Mercer St.: Pagbabaun ng mga nakabiting linya ng kuryente bilang bahagi ng mga pagpapabuti sa Mercer.
Bisitahin ang aming *Web page* at i-click ang pulang simbolo ng konstruksyon para sa mga detalye: www.seattle.gov/light/construction.

Makipag-ugnayan sa amin:
Seattle City Light
700 Fifth Avenue, Suite 3200
PO Box 34023
Seattle, WA 98124-4023
www.seattle.gov/light
www.twitter.com/SeaCityLight
Mga tanong, puna o mungkahi? Tawagan ang 206.684.3000 o makipag-ugnay sa Tell Seattle City Light sa www.seattle.gov/light.